Maglubus-lubos ka sa pagsasagawa ng wuḍū'. Magsingit ka sa pagitan ng [isa't isa sa] mga daliri. Magpalabis ka sa pagsinghot ng tubig maliban na ikaw ay nag-aayuno."}

Ayon kay Laqīṭ bin Ṣabirah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: Ako ay naging delegado ng Angkan ng Muntafiq — o sa delegasyon ng Angkan ng Muntafiq — sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Noong dumating kami sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), hindi kami nakasumpong sa kanya sa tahanan niya at nakasumpong naman kami kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya. Nag-utos siya na maghanda para sa amin ng khazīrah saka ginawa naman ito para sa amin. Dinalhan kami ng isang bandehadong may datiles. Pagkatapos dumating ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "Hinainan ba kayo ng anuman o may ipinahanda ba para sa inyo na anuman?" Nagsabi kami: "Opo, O Sugo ni Allāh." Habang kami naman kasama ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay mga nakaupo, biglang humangos ang pastol ng mga tupa niya papunta sa pahingahan habang may kasama itong isang korderong umuungol. Kaya nagsabi siya: "Ano ang ipinanganak niyan, O Polano?" Nagsabi ito: "Babaing tupa." Nagsabi siya: "Kaya magkatay ka para sa amin kapalit niyan ng isang tupa." Pagkatapos nagsabi pa siya: "Huwag ka nga magpalagay, huwag ka ngang magpalagay na kami alang-alang sa iyo ay magkakatay nito. Mayroon kaming isang daang tupa na hindi kami nagnanais na madagdagan. Kaya kapag nagpaanak ang pastol ng isang babaing tupa, nagkakatay kami kapalit nito ng isang tupa." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, tunay na mayroon akong maybahay at tunay na sa dila niya ay may isang bagay." Tumutukoy ito sa kabastusan. Nagsabi siya: "Kaya diborsiyuhin mo siya, samakatuwid." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, tunay na mayroon siyang pinagsamahan [sa akin] at may anak ako sa kanya." Nagsabi siya: "Kaya pag-utusan mo siya," nais niyang sabihing pangaralan mo siya, "sapagkat kung sa kanya ay may kabutihan, gagawin niya. Huwag kang mamalo sa kabiyak mo gaya ng pagpalo mo sa munting babaing alipin mo." Kaya nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, magpabatid ka sa akin tungkol sa wuḍū'. Nagsabi siya: "Maglubus-lubos ka sa pagsasagawa ng wuḍū'. Magsingit ka sa pagitan ng [isa't isa sa] mga daliri. Magpalabis ka sa pagsinghot ng tubig maliban na ikaw ay nag-aayuno."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, at Imām Ibnu Mājah]

Nagpabatid si Laqīṭ bin Ṣabirah (malugod si Allāh sa kanya) na nagdelegasyon siya sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) kasama ng iba pa sa kanya kabilang sa mga kalipi niya, ang Angkang ng Muntafiq. Nagsabi siya: "Hindi kami nakatagpo sa kanya sa tahanan niya at nakatagpo naman kami sa Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah

(malugod si Allāh sa kanya) saka nag-utos ito na gumawa para sa amin ng sopas mula sa harina at taba at may inihain para sa amin na isang bandehang may datiles. Pagkatapos dumating siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) saka nagsabi siya: "May inihain ba sa inyo na anumang pagkain?" Nagsabi kami: "Opo, O Sugo ni Allāh." Nagsabi si Laqīṭ: "Habang kami naman kasama niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay mga nakaupo, biglang dumating ang pastol ng mga tupa ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nag-aakay ng mga ito papunta sa lugar ng pagmamagdamagan ng mga ito habang nagdadala kasama nito ng isang anak na tupa, na sumisigaw. Kaya nagsabi siya: "Ano ang ipinanganak niyan?" Nagsabi ito: "Babae po." Nagsabi siya: "Kaya magkatay ka para sa amin kapalit niyan ng isang tupa." Pagkatapos nagsabi pa siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Huwag ka nga magpalagay na kami alang-alang sa iyo ay magkakatay nito. Mayroon lamang kaming mga tupa na ang bilang ng mga ito ay isang daan at hindi kami nagnanais na madagdagan lampas sa bilang na ito. Kaya kapag may dumating na isang baong ipinanganak, nagkakatay kami kahalili nito." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, tunay na ang maybahay ko ay may dilang mahaba at may kahalayan. Kaya papaano po ang gagawin ko sa kanya." Nagsabi siya: "Kaya diborsiyuhin mo siya, samakatuwid." Nagsabi ako: "O Sugo ni Allāh, tunay na mayroon siyang matagal na pinagsamahan sa akin at may supling ako sa kanya." Nagsabi siya: "Kaya pangaralan mo siya sapagkat kung sa kanya ay may kabutihan, tutugon siya sa pangaral mo; at kung hindi naman siya tumugon, paluin mo siya nang isang palong hindi nakasasakit. Huwag kang mamalo sa kanya gaya ng pagpalo mo sa mga alipin mo." Pagkatapos nagsabi pa si Laqīṭ: "O Sugo ni Allāh, magpabatid ka sa akin tungkol sa wuḍū'. Nagsabi siya: "Magpaabot ka ng tubig sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū' sa mga parteng ukol dito. Magpalubos ka sa bawat bahaging hinuhugasan ng karapatan nito. Huwag kang mag-iwan ng anuman sa mga tungkulin dito at mga sunnah dito. Magpahiwalay ka ng mga daliri ng mga kamay mo at mga paa mo sa sandali ng paghuhugas sa mga ito. Magpasobra ka sa paghatak ng tubig paloob sa ilong mo sa sandali ng pagsasagawa ng wuḍū' at pagpapalabas nito maliban na ikaw ay nagsagawa nga ng pag-aayuno upang hindi pumasok ang tubig sa kaloob-looban mo."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/8378